REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 91-203

KAPASIYAHAN NA NAGTATALAGA NG ISANG METRO AIDE SA BAWAT DALAWANG (2) KILOMETRO NG MGA LANSANGAN UPANG MANGASIWA NG PAGLILINIS AT PAGDIDILIG NG LAHAT NG HALAMAN HANGGANG SA MABUHAY.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, tungkulin natin na pangalagaan ang kalinisan at pagbuhay at pag-aalaga ng mga halaman sa alinmang bahagi ng ating lansangan upang ang ating kapaligiran ay maging kaaya-aya;

SAPAGKAT, kung hindi natin pag-uukulan ng panahon ang ating halaman ang lahat ng panahon at salaping gugulin sa pagtatanim ng mga ito ay mawawalan ng saysay;

SAPAGKAT, kailangan nating mapanatiling maayos at malinis ang ating lansangan at kapaligiran;

SAPAGKAT, kailangan nating maitalaga ang ating mga metro aide upang lalong maging epektibo ang kanilang pagtupad ng kanilang mga tungkulin bilang mga tagapangalaga ng ating kalinisan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na nagtatalaga ng isang metro aide sa bawat dalawang (2) kilometro ng mga lansangan upang mangasiwa ng paglilinis at pagdidilig ng lahat ng halaman hanggang sa mabuhay.

PINAGTIBAY ng higit na nakararaming kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 164th regular na pulong ngayong ika-22 ng Hulyo 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



**KGG. CARLO G. TENSUAN**
**Konsehal**

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**Konsehal**

**KGG. EPIFANIO A. ESPELETA**
**Konsehal**

**KGG. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. NEMESIO O. MOZO**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**(Hindi nakilahok)**
**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**KGG. VICENTE YU CHUA**
**Konsehal**

**PINATOTOHANAN:**

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

**PBS/vts**